## Abraham

**(Genesis 12:1-9, 13:14-17, 15:1-6, 17:1-19, 18:1-15, 21:1-8)**



May isang lalaking nagngangalang Abram. Siya ay malapit sa Diyos. Minsan ay kinausap siya ng Diyos, "Abram umalis ka sa iyong bayan, iwanan mo ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin ko silang isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at gagawin kong dakila ang iyong pangalan at ikaw ay magiging pagpapala sa marami.

Sumunod nga si Abram sa utos Diyos. Isinama ni Abram ang kanyang asawang si Sarai at si Lot na kanyang pamangkin. Dinala niyang lahat ang kanyang mga alipin at mga kayamanang naipon nila sa Haran. Pagkatapos nito'y nagtungo sila sa Canaan.

Dumating si Abram sa Canaan at doon ay nanirahan. Muli siyang kinatagpo ng Diyos at sinabi kay Abram, "Tumanaw ka sa palibot mo. Ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa iyo, at sa magiging lahi mo magpakailanman. Ang iyong mga salinlahi ay gagawin kong sindami ng alikabok sa lupa na di kayang bilangin ninuman. Wala pang anak sina Abram at Sarai nang panahong iyon.

Patuloy na pinadami at pinalago ng Diyos ang ari-arian ni Abram. Minsan nang muli siyang kinausap ng Diyos, nagtanong si Abram kung ano ang kabuluhan ng mga gatimpala Niya sa kanya kung wala naman siyang anak na magmamana ng lahat ng ito. Muling pinaalala ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abram na siya ay magkakaroon ng anak na siyang magiging tagapagmana ng lahat ng iyon. Sinabi sa kanya ng Diyos, "Tumingin ka sa langit at masdan mo ang mga bituin! Mabibilang mo ba iyan? Ganyan karami ang magiging lahi mo. Ikaw ay magiging ama ng maraming bansa. Kaya't tinawag siyang Abraham

Sinabi pa rin ng Diyos kay Abraham na si Sarai ay magkakaanak at siya'y magiging ina ng maraming bansa. Kaya't tinawag siyang Sara

Matanda na si Abraham ng muling marinig iyon. Hindi niya lubos maisip na siya ay magkakaanak pa at ang kanyang asawa ay maglilihi pa. Nang marinig ito ni Sara ay lihim itong natawa.

Ngunit, tapat ang Diyos sa Kanyang pangako. Ayon sa panahong sinabi ng Diyos, si Sara nga ay nagdalang-tao at nanganak ng isang lalaki, kahit matanda na noon si Abraham. Isaac ang ipinangalan ni Abraham sa kanyang anak.

Lumaki si Isaac at nagkaroon ng sariling mga anak. Ang kanyang mga anak ay nagkaroon ng sariling mga anak. Lumaki ng lumaki ang lahi ni Abraham gaya ng ipinangako ng Diyos.

Ang Diyos ay may pamamaraan kung paano Niya isasakatuparan ang Kanyang mga pangako at plano. Ito ay ibang-iba sa ating pamamaraan at kadalasan ay hindi natin kayang maunawaan. Dahil dito ay nasusubok ang ating pagtitiwala sa Kanya, gaya na lang kay Abraham. Ikaw, patuloy ka bang nagtitiwala na isasakatuparan ng Diyos ang Kanyang pangako sa iyo bagamat parang imposible itong mangyari sa iyong kalagayan?

